


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN III



MODYUL 21

ANG PALIGSAHAN SA ARMAS



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 21




ANG PALIGSAHAN SA ARMAS



Ang digmaan ng mga bansa ay patuloy na mangyayari hanggat nagpapatuloy ang paggawa at bentahan ng mga armas. Marahil ay nangangamba ka rin, kagaya ng ibang kabataan, sa mga panganib na bunga ng tinatawag na paligsahan sa armas. Ano nga ba ito at bakit kailangang bigyang-pansin ang patuloy na pagdami ng armas? Ang mga katanungang iyan ay sasagutin ng modyul na ito.



May tatlong aralin sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Paligsahan sa Kalawakan at Sandatang Nuklear
-  Aralin 2: Mga Pagsisikap na Bawasan ang Pag-aarmas
-  Aralin 3: Mga Epekto ng Pagpaparami ng Armas



Pagkatapos ng modyul, inaasahang iyong:

1. Masusuri ang mga pangunahing dahilan ng mga bansang makapangyarihan sa pagpaparami ng armas;
2. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng mga pagsisikap na bawasan ang pag-aarmas; at
3. Matatalakay ang mga Epekto ng Pagpaparami ng Armas.

Handa ka na ba? Sagutin mo muna ang panimulang pagsusulit bago ka magsimula sa mga aralin. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

Panuto: Itambal ang Hanay A sa hanay B. Isulat ang titik sa patlang.

A.

- ___ 1. Digmaang patago
- ___ 2. Samahan ng Nagkakaisang Bansa
- ___ 3. Paglilimita ng armas sa Europa
- ___ 4. Patakarang iwas-digmaan
- ___ 5. Sputnik
- ___ 6. Armas na lubhang malakas
- ___ 7. Sandatang pumipinsala sa isip at katawan ng tao
- ___ 8. Kasunduan upang mapatatag ang siguridad sa rehiyon
- ___ 9. Sandatang binubuo ng poison gas
- ___ 10. Frienship 7
- ___ 11. Armas nukleyar
- ___ 12. Maaring bunga ng digmaang nukleyar
- ___ 13. Unang taong nakatapak sa buwan
- ___ 14. Unang taong nakarating sa kalawakan
- ___ 15. Strategic Arms Reduction Talk
- ___ 16. Strategic Arms Limitation Talk
- ___ 17. Bansang nagpaligsahan sa armas
- ___ 18. Base militar ng Unyong Sobyet
- ___ 19. 2,000 Milyon US\$ ang halaga nito
- ___ 20. Base militar ng Estados Unidos

B.

- A. Clark at Subic
- B. *Trident Submarine*
- C. CAM RANH
- D. USA at USSR
- E. SALT
- F. START
- G. Allan Shepard
- H. Armstrong at Aldrin
- I. Radyasyon
- J. bomba atomika
- K. John Glenn
- L. *Defoliant*
- M. ZOPFAN
- N. Armas na biyolohikal
- O. Hydrogen bomb
- P. Yuri Gagarin
- Q. *deterrence*
- R. CFE
- S. United Nation
- T. *Cold War*
- U. China at Iraq

ARALIN 1

ANG PALIGSAHANG PANGKALAWAKAN AT SANDATANG NUKLEYAR



Tinatalakay dito ang paligsahan sa kalawakan at sandatang nukleyar ng dalawang malalakas na bansa: ang Estados Unidos at Unyong Sobyet. Bakit kaya kailangang gawin nila ito? May mga benipisyo ba o kapakinabangan sa pagpaparami ng armas? Lilinawin sa iyo ang mga kasagutan sa mga tanong na iyan.




Pagkatapos ng pag-aralan ang paksang sa araling ito, ikaw ay inaasahang :

1. Makapagsusuri ng mga pangunahing salik o dahilan ng pagpaparami ng armas;
2. Matutukoy ang mga bansang may pinakamaraming armas; at
3. Makapagbibigay ng puna hinggil sa pagpapaligsahan sa armas ng Unyong Sobyet at Estados Unidos.




Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pag-aralan ang larawan. Paano nagpaligsahan sa larangang pangkalawakan and dalawang superpower: Unyong Sobyet at Estados Unidos? Isulat sa iyong kuwaderno ang sagot.



Sputnik, ang unang artipisyal na satellite –USSR



Mga Sandatang Nukleyar

Samantalang umiiral ang Cold War, naging masidhi ang kompetisyon ng Estados Unidos at Unyong Sobyet. Nagkaroon ng espiya ang bawat panig. Taun-taon, gumasta ang mundo ng mga \$ 1 trilyon sa mga armas at bomba.

Kung higit na malaki ang pansing ibinibigay ng isang bansa sa mga bagay na militar, mas maliit ang natitirang pondo para sa pagpapagawa ng mga ospital, paaralan, pabahay, kalye, tulay, at iba pang proyektong makatulong sa tao. Higit na malaking bahagi ng kita ng pamahalaan ang inilaan para sa mga bomba, bala, baril at iba pang sandata.

Sapagkat mahalaga para sa isang bansa ang puwersa, higit na mapapasakanya ito kung lalong marami siyang sandatang pandigma. Naging malaking kompetisyon para sa mga nangungunang bansa ang Estados Unidos at Unyong Sobyet ang pagpaparamihan ng mga sandatang nukleyar.

Nagsimula ang paligsahang ito noong 1945, nang bagsakan ng Estados Unidos ng tig-isang bomba atomika ang Hiroshima at Nagasaki sa Japan. Nang gamitin ng Amerika ang bomba atomika, hindi lamang napadali ang pagtatapos ng giyera kundi ipinaalam din niya sa buong mundo kung gaano siya kalakas.

Gaya ng inaasahan, hindi nagpabaya ang mga Ruso na makahigit sa kanila ang mga Amerikano. Gumawa rin sila ng bomba atomika. Noong 1949, matagumpay na nakapagsagawa ng *atomic bomb testing* ang Unyong Sobyet na ikinagulat ng Estados Unidos.

Hinangad ng bawat bansa na mahigitan ang bawat isa sa pagpapaunlad ng kani-kanilang armas at maging higit na makapangyarihan upang maiwasan ang anumang digmaan. Tinawag itong *deterrence*, isang patakarang naglalayong maiwasan ang pagsiklab ng digmaan sa magkabilang panig.

Noong 1952, pinasabog ng Estados Unidos ang kauna-unahang *hydrogen bomb*, isang armas na higit na malakas at makapangyarihan kaysa sa bombang atomika. Makalipas ang isang taon, nagsagawa rin ang Unyong Sobyet ng *hydrogen bomb*

testing. Pinaunlad ng bawat bansa ang mga sasakyang pangkalawakan o *rocket* na nagtataglay ng armas nukleyar.

Nagsagawa rin ng mga pagsabok sa armas nukleyar ang mga bansang Pransya, India, Tsina at Gran Britanya.

Iba't ibang uri ng armas lumalabas din ang iba't ibang uri ng mga pakay. Ang iba'y tinawag na mga sandatang biyolohikal na pumipinsala sa katawan at isip ng mga tao o kapiligiran. Halimbawa nito ang mga sandatang *poison* at *nerve gas* at yaong mga kemikal tulad ng *defoliants* na ginamit ng mga Amerikano sa Vietnam noon upang makalbo ang lahat ng mga gubat na maaring pagtaguan ng mga kalaban nilang Vietcong.

Paligsahang Pangkalawakan

Nagkaroon din ng paligsahang pangkalawakan ang Unyong Sobyet at Estados Unidos. Nagsimula ito noong 1957 nang ipinakilala ng Unyong Sobyet ang Sputnik, ang kauna-unahang sasakyang pangkalawakan na nakarating sa kalawakan at lumibot sa daigdig.

Nakarating sa buwan ang ipinadalang sasakyang pangkalawakan ng walang sakay na tao noong 1959. Makalipas ang dalawang taon, si cosmonaut Yuri Gagarin ang kauna-unahang taong nakalibot sa labas ng daigdig.

Dahil sa pangambang mahigitan ng Unyong Sobyet sa larangan ng teknolohiyang pangkalawakan, naglaan din ng malaking pondo ang Estados Unidos para sa mga programang pangkalawakan.

Noong 1962, si John Glenn Jr., sakay ng sasakyang Friendship 7, ay nakaikot sa mundo nang tatlong beses. Si Allan B. Shepard Jr. ang kauna-unahang Amerikanong astronaut na nakarating sa kalawakan. Sinundan ito ng isa pang matagumpay na misyon noong ika-20 ng Hulyo, 1969, nang unang nakatapak sa buwan ang mga Amerikanong astronauts na sina Neil Armstrong at Edwin Aldrin.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Suriin mo ang talahanayan sa ibaba. Alin ang mga bansang may malalakas na armas?

Hinihinalang Arsenal ng Sandatahang Nukleyar ng mga Bansa

Bansa	Hinihinalang Dami ng Strategic na Sandatang Nukleyar	Hinihinalang dami ng Non- Strategic na Sandatang Nukleyar	Hinihinalang Kabuuang Dami ng Sandatang Nukleyar
China	250	120	400
France	350	0	350
India	60	?	60+?
Israel	100-200	?	200+?
Pakistan	24-48	?	24-48
Russia	-6,000	-4,000	-10,000
United Kingdom	180	5	185
Estados Unidos	8,646	2,010	10,656

1. Ano ang mga bansang may pinakamataas na uri nang armas?

2. Bakit nagpaparami ng armas ang USA at USSR?

3. Sang-ayon ka ba sa mga dahilan nila sa pagpaparami ng armas? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Tandaan Mo!

- Nagsimula ang paligsahan ng pagpaparami ng armas at paggamit ng sandatang nukleyar ng Estados Unidos at Unyong Sobyet noong 1945, nang bagsakan ng Estados Unidos ng bomba atomika ang Hiroshima at Nagasaki, Japan. Noong 1949, matagumpay na nakapagsagawa ng *atomic bomb testing*.
- Noong 1952, pinasabog ng Estados Unidos ang kauna-unahang *hydrogen bomb*, isang armas na higit na malakas. Makalipas ng isang taon, nagsagawa rin ang Unyong Sobyet ng *hydrogen bomb testing*. Nagsagawa rin ng mga *nuclear testing* ang mga bansang Pransya, India, Tsina, at Gran Britanya.
- Nagkaroon din ng paligsahang Pangkalawakan ang Unyong Sobyet at Estados Unidos. Noong 1957, ipinakilala ng Unyong Sobyet ang Sputnik, ang kauna-unahang spacecraft na nakarating sa kalawakan. Si Yuri Gagarin ang kauna-unahang taong nakalibot sa labas ng daigdig.
- Noong 1962, si John Glenn Jr. ng Estados Unidos, sakay ng sasakyang Friendship 7, ay nakaikot sa mundo ng tatlong beses. Ang mga Amerikanong astronauts na sina Neil Armstrong at Edwin Aldrin ang unang nakatapak sa buwan noong 1969.



Gawain 3: Paglalapat

Sa iyong pananaw, ano ang maaring mangyari sa daigdig kung magpatuloy ang paligsahan sa armas? Magbigay ng tatlong maaring mangyari sa daigdig natin ngayon.

1. _____

2. _____

3. _____

ARALIN 2

MGA PAGSISIKAP NA BAWASAN ANG PAG-AARMAS



Gaya ng naisip mo sa Gawain 3 nang nakaraang aralin, maraming pangambang naidulot ang paligsahan sa armas. Sa araling ito, tatalakayin ang mga pagsisikap ang mga bansa sa daigdig na maiwasan ang naka-ambang digmaan ng mga malalakas na armas. Tatalakayin din ang mga ipinanukalang kasunduan at ang kinalabasan ng mga ito.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng mga pagsisikap na bawasan ang pag-aarmas;
2. Matatalakay ang mga pulong at kasunduan tungkol sa mga sandatang nukleyar; at
3. Mabibigyang puna ang mga probisyon at kinalabasan ng mga kasunduan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Bago ka magsimula ng aralin, subukin mo kung makikilala mo ang ilang mga kilalang tao sa buong daigdig na may mahalagang ginampanan sa pagbabawas ng mga nukleyar na armas.

Hanapin at buuin ang mga sagot

A	R	B	D	C	E	F	R	G
G	O	R	B	A	C	H	E	V
B	O	A	R	R	H	L	A	Q
U	S	A	E	T	I	M	G	R
S	E	C	Z	E	J	N	A	S
H	V	S	H	R	K	P	N	T
B	E	H	N	I	X	O	N	Z
H	L	I	E	P	R	T	V	X
M	T	B	V	Q	S	U	W	Y

Mga pagsisikap na Bawasan Ang Pag-aarmas

Sinasabing ang Pranses, Inglatera, Tsina at India ay mayroon ding armas nukleyar bukod pa sa mga kemikal na pandigma. Ang Iraq ay may ganito na ring armas. Dahil sa pagpaparami ng mga armas ng mga malalaki at makapangyarihang bansa, nanganganib ang pandaigdigang kapayapaan.

Strategic Arms Limitation Talks(SALT I at II)

Nang patapos na ang dekada 60, ang Esatados Unidos at Unyong Sobyet ay nagkaroon ng mga negosasyon tungkol sa pagkakalagay ng mga missile at pagsasaayos ng umiinit na relasyon ng dalawang bansa. Ang pag-uusap na ito ay nagbunga matapos ang apat na taong negosasyon nang ang *Strategic Arms Limitation Talks* (SALT 1) ay napagkasunduan. Ito ay pinamunuan nina Pangulong Richard Nixon ng USA, Kalihim Leonid Brezhnev ng USSR noong 1972.

Makaraan ang limang taon, pinirmahan ang SALT II noong 1979 nina Pangulong Jimmy Carter at Brezhnev. Ngunit pagkatapos ng ilang buwan, lumala ang kanilang relasyon ng pasukin ng Unyong Sobyet ang Afghanistan.

Strategic Arms Reduction Talks at Intermediate-Range Nuclear Forces (STRT I at INF)

Sa panahon ng panunungkulan nina Pangulong Reagan ng USA at Kalihim Mikhail Gorbachev ng USSR, sinimulan ang mga negosasyon sa pagkontrol ng mga armas. Una ang *Strategic Arms Reduction Talks* (Start 1) at ang *Intermediate- Range Nuclear Forces* (INF). Ang INF ang kasunduang nilagdaan ng dalawang pinuno noong ika-8 ng Disyembre, 1987.

Conventional Forces (CFE)

Noong 1990 naman, nakipagkasundo si Gorbachev sa mga pinuno ng mga bansa sa Europa upang limitahan ang mga karaniwang armas sa kanya-kanyang hukbo. Ang kasunduang *Conventional Forces in Europe* ay pinirmahan ng 22 bansang kasapi ng NATO at Warsaw Pact.

Strategic Arms Reduction Talks II (Start II)

Ang kasunduang START II ay nilagdaan nina Pangulong George Bush ng USA at Gorbachev noong Hulyo 1991 sa Moscow. Sinasabing lalong mapabuti ng START II ang mga makapagsunduan sa SALT I AT II dahil pumayag si Gorbachev na bawasan ang malalaking bahagi ng mga missile ng USSR.

Narito ang isang talahanayan ng iba pang kasunduan at probisyon tungkol sa pagbabawas ng sandatang Nukleyar.

Mga Pandaigdigang Kasunduan Ukol sa Sandatang Nukleyar

KASUNDUAN	PROBISYON
• <i>Sea Bed Treaty</i>	⇒ Nagbabawal na maglagay ng sandatang nukleyar at kauri nito sa pusod ng karagatan.
• <i>Vienna Talks on Mutual Reduction of Forces and Armaments and Associated Measures in Central Europe.</i>	⇒ Pagpupulong ito ng mga bansang kasapi ng <i>North Atlantic Treaty Organization</i> (NATO) at Warsaw Pact ukol sa pagkakaroon ng matatag na ugnayan at pagpapanatili ng katatagan ng kapayapaan at seguridad ng bawat isa.
• <i>Anti-ballistic Missiles (ABM) Treaty</i>	⇒ Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Sobyet tungkol sa pagbabawas ng anti-ballistic missiles.
• <i>Biological Weapons Convention</i>	⇒ Pagpupulong ito tungkol sa pagbabawal ng pagpapaunlad, paggawa at pag-imbak ng

	sandatang bakteryolohikal na nakapupuksa.
• <i>Antarctic Treaty</i>	⇒ Nagsasaad ito na dapat maging malaya sa mga sandatang nukleyar ang Antartica.
• <i>Treaty on the Nonproliferation of Nuclear Weapons</i>	⇒ Ipinagbabawal nito ang pagsubok ng mga sandatang nukleyar sa kalawakan, karagatan, at himpapawid.
• <i>Strategic Arms Limitation Talks (SALT) I at II</i>	⇒ Noong Agosto 1972, isang kasunduan ng SALT, ang nagtakda sa bilang ng mga <i>anti-ballistic missile</i> na maaring gawin ng Estados Unidos at Unyong Sobyet. Limitado ang paglulunsad ng mga <i>missile</i> na ito sa dalawang base o himpilan sa bawat bansa. ⇒ Sa SALT II, binalak ng dalawang makapangyarihang bansa na palagiang ihinto ang pagdagdag ng ICBM at kung maari, bawasan ang bilang nito.
• <i>Mutual Assured Destruction (MAD)</i>	⇒ Hindi pumigil sa mga makapangyarihang bansa na pag-ibayuhin ang katumpakan ng kanilang gamit pandigma.
• <i>Conventional Forces in Europe (CFE)</i>	⇒ Isang pag-uusap ang isinagawa sa pagitan ng Rusya at Amerika. Nagkasundo sila na bawasan ang imbak nila sa 6,000 sandata. Ang paghahangad ng Iran at North Korea ng kakayahang pangnukleyar ay maaring maging hadlang sa mga hakbang na makontrol ang pagdami ng sandatang nukleyar. Ang bomba atomika sa anyo ng mga nakalalasong kemikal o nerve gas at mga armas biyolohikal (<i>virus/germ</i>) ay banta sa pandaigdig na kapayapaan. Madali itong imbakin at mahirap kilalanin.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ipaliwanag ang iyong mga sagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kinalabasan ng mga kasunduang SALT, INF, CFE, at START?

2. Ano sa palagay mo ang dahilan nang paglabag ng ilang mga bansa sa mga kasunduan tungkol sa sandatang nukleyar?

3. Sa palagay mo sino ang nakikinabang sa pagpaparami ng armas? Bakit?

4. Kung pinuno ka ng pamahalaan, ano ang maaari mong gawin upang matigil ang komersyalismo o bentahan sa armas?



Tandaan Mo!

- Dahil sa pagpaparami ng mga armas ng mga malalaki at makapangyarihang bansa, nanganganib ang pandaigdigang kapayapaan.
- Nang matapos na ang dekada 60, ang USA at USSR ay nagkaroon ng mga negosasyon at kasunduan tungkol sa pagkakalagay ng mga missile at pagsasaayos ng umiinit na relasyon ng dalawang bansa. Ang kasunduan sa pagbabawas ng pandigmang armas ay ang mga sumusunod: *Strategic Arms Limitation Talks I* (1972), *Strategic Arms Limitation Talks II* (1979), *Strategic Arms Reduction Talks I* at *Intermediate-Range Nuclear Forces* (1987), *Conventional Forces* (1990), at *Strategic Arms Reduction Talks II* 1991.



Gawain 3: Paglalapat

Gumawa ng isang sa palagay mong epektibong tratado o kasunduan na may kaugnayan sa pagbabawal sa paggamit ang sandatang nukleyar. Magmungkahi ka ng mga panukala na inaakala mong makatutulong sa mga bansa upang mabawasan ang panganib ng ikatlong digmaang pandaigdig.

ARALIN 3

MGA EPEKTO NG PAGPAPARAMI NG ARMAS



Tatalakayin sa araling ito ang mga epekto ng pagpaparami ng armas lalung-lao na sa pandaigdigang kapayapaan.



Pagkatapos ng pag-aaral, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang mga epekto ng pagpaparami ng armas sa iba't ibang panig ng daigdig;
2. Mabibigyang puna ang malalaking halaga na inilaan ng mga bansa sa daigdig para sa mga kagamitang pandigma kaysa pangangailangan ng tao; at
3. Maitataguyod ang patakaran ng Pilipinas tungkol sa sandatang nukleyar.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Tunghayan mo ang mapang ito. Dalawang makapangyarihang bansa – USA at USSR – ang nagpaligsahan sa pagtatayo ng base militar sa Asya.

Ano sa palagay mo ang layunin ng dalawang bansang ito sa pagtatayo ng base militar sa iba't ibang panig ng Asya?

Ano ang epekto sa mga bansang Asya kung sakaling magdigmaan ang dalawang ito?



Mga Epekto ng Pagpaparami ng Armas sa mga Mamamayan ng Daigdig

Ang posibilidad ng pag-aaway ng Estados Unidos at Unyong Sobyet ay isang malaking banta sa pandaigdigang kapayapaan at seguridad. Hindi lamang ang nabanggit ng mga bansa ay ang kasangkot dito, kundi pati na rin ang iba pang nasyon, lalo na ang maliliit na mga bansa kung saan ang USA at USSR ay may nakatayong mga base militar. Ang isang pangamba na ibubunga ng pag-aaway ng dalawang bansa ang patuloy na pagpapaunlad at pagpaparami ng mga armas nukleyar. Kung ang pagpaparami ng armas nukleyar ng dalawang bansa ay hindi mapipigilan, hindi malayong mangyari na darating ang panahon at ang mundo ay makararanas na naman ng digmaan – ang Ikatlong Digmaang Pandaigdig.

Kung magkakaroon man ng isa pang digmaang pandaigdig, ang lahat ng mga nilalang sa mundo ay pawang hindi makaliligtas sapagkat sa isang pindot lamang sa mga missile ay mapapaalis na sa mapa ang tinatarget.

Nakakalungkot na maraming bansa sa daigdig ang nag-aaksaya ng napakalaking halaga para sa mga armas at mga kagamitang pandigma, samantalang kinakapos naman ang gastusin sa pagkain, tirahan, edukasyon at iba pang pangangailangan lalo na ang mga mahihirap na bansa.

Suriin mo ang tsart upang lubos mo itong mauunawaan.

Halimbawa, ang isang trident submarine ay nagkakahalaga ng 2,000 milyon dolyar. Ano ang katumbas nitong mahalagang pangangailangan?

Halaga ng isang
Submarine rident

Isang Trident
2,000 milyon dolyar

Katumbas na halaga sa
Pangangailangan ng tao

- Pagbakuna sa lahat ng mga bata sa bansang mahirap laban sa mga sakit. 500 milyon US\$



- Malinis na tubig para sa 500 milyong tao. 1,000 milyon US\$



- Dalawang hayop para sa bawat isa sa 1 milyong magsasaka sa mga bansang mahirap. 500 milyon US\$



3

- Kabuuang halaga 2,000 milyon US\$



- Edukasyon: 120,000,000 mga bata na dapat ay nag-aaral ay walang eskwelahang mapuntahan.



Sang-ayon sa ipinakitang pagsusuri ng International Institute for Strategic Studies, tumaas nang 13% ang pagbili ng armas noong 1995 magpapatuloy ito sa mga susunod na taon na may walong bahagdan pataas. Ang mga bansang pangunahing nagluluwas ng armas ay ang Amerika, Gran Brintanya at Pransya. Pinakamalaking mamimili naman nito ang Saudi Arabia na gumagastos ng \$9 bilyon at ang Egypt na gumagastos ng \$2.3 bilyon taun-taon.

Habang tumataas ang tensyon ng digmaan sa gitnang Silangang Asya, lumalaki naman ang bentahan ng armas. Sa buong daigdig lumalaki ang kalakalan ng armas. Noong 1995 umaabot sa \$36.9 bilyon at noong 1996 ay \$39.6 bilyon.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Ipaliwanag at isulat sa iyong kwaderno ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano makakaapekto sa pandaigdigang kapayapaan ang pagpaparami ng armas?
2. Bakit kailangan ng makapangyarihang mga bansa ang magparami ng armas? Anu-ano ang epekto ng pagpaparami nito?
3. Sa mga sigalot o tensyon na naganap sa daigdig anong sektor ng lipunan ang nakikinabang dito?



Tandaan Mo!

- Ang posibilidad ng pag-aaway ng Estados Unidos at Unyong Sobyet ay isang malaking banta sa pandaigdigang kapayapaan at seguridad, dahil hindi lamang ang nabanggit na mga bansa ang kasangkot dito, kundi pati na rin ang iba pang mga nasyon, lalo na ang maliliit na mga bansa.
- Kung magkakaroon man ng isa pang digmaang pandaigdig, ang lahat ng mga nilalang sa mundo ay pawang hindi makakaligtas sapagkat isang pindot lamang sa mga missile ang gawin ng magkalaban ay sasabog na ang lugar na gusto nitong pasabugin.



Gawain 3: Paglalapat

A. Ang mga napapaloob sa tsart ay ang mga posibling mabuti at hindi mabuting epekto ng pagpaparami ng armas. Lagyan mo ng tsek (✓) ang iyong mga sagot kung mabuti at (✗) kung di-mabuti.

	MABUTI	DI-MABUTI
1. Napapanatili ang balanseng kapangyarihan sa daigdig.		
2. Nagpapaligsahan sa paggawa ng mas malalakas na Sandatang nukleyar.		
3. Nakakasira ng kapaligiran.		
4. Nakapagdudulot ng tensyon at pangamba.		
5. Naging instrumento ng kapayapaan.		

B. Panuto:

1. Gumawa nang poster na magpapakita ng di-mabuting epekto ng pagpaparami ng armas.
2. Kumuha ng Saligang-Batas ng Pilipinas. Saliksikin ang probisyon na may kaugnayan sa paninindigan nang Pilipinas hinggil sa mga sandatang nukleyar. Sumasang-ayon ka ba sa paninindigang ito?



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang Cold War ay pinasidhi ng kompetisyon ng Estados Unidos of America at Unyong Sobyet sa larangan ng pag-aarmas.
- ◆ Sa kalawakan, may Sputnik ang USSR; may Friendship 7 naman ang Estados Unidos. Kung mayroong Yuri Gagarin ang USSR, may John Glenn Jr. naman ang USA.
- ◆ Nagparamihan din ang dalawang bansa sa larangan ng mga sandatang nukleyar. Nakababahala ang hakbang ng magkabilang panig. Ang mga naitatag na sandatang nukleyar ay sapat na upang mawasak ang magkabilang panig.
- ◆ May mga pagsisikap na isinasagawa upang mabawasan ang pagpaparami ng arena. Ito ay ang mga sumusunod: *Strategic Arms Limitation Talks I*, *Strategic Arms Limitation Talks II*, *Strategic Arms Redeuction Talks I*, *Strategic Arms Reduction Talks II*, *Intermediate-Range Nuclear Forces*, *Conventional Forces* at iba pa.



PANGHULING PAGESUSULIT:

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa patlang.

- | | |
|------------------|---------------------------|
| A. Hiroshima | K. nukleyar bomb |
| B. Afghanistan | L. militarisasyon |
| C. CFE | M. Saudi Arabia |
| D. Sputnik 1 | N. Estados Unidos |
| E. SALT 1 | O. Antarctic Treaty |
| F. Poison Gas | P. Sea Bed Treaty |
| G. \$ 900 bilyon | Q. deterrence |
| H. Nukleyar | R. \$ 2,000 M |
| I. Vietcong | S. Art. 11 Sec. 7 |
| J. Vostok 1 | T. Mangangalakal ng Armas |

- ___ 1. Mga kawal ng komunistang Vietnam.
- ___ 2. Lungsod sa Japan na unang nabagkakan at nawasak ng bomba atomika.
- ___ 3. Programa ng pagbabawas ng sandata ngunit di naging matagumpay sapagkat palihim na tumutustos ang Unyong Sobyet sa mga gerilya ng Ethiopia at Angola.
- ___ 4. Bansang sinakop ng Unyong Sobyet na nagpalala sa relasyon nila ng Estados Unidos at nauwi sa pagkabigo ng SALT II.
- ___ 5. Sasakyang panghimpapawid na unang lumigid sa buong mundo.
- ___ 6. Isang uri ng armas pandigma na naging dahilan ng pagkasira ng kabundukan at kalikasan.
- ___ 7. Ang kabuuang gastos militar ng buong mundo noong taong 1986.
- ___ 8. Kasunduang nilagdaan ng mga bansang kasapi sa NATO at Warsaw Pact noong 1990.
- ___ 9. Ang pinakamapanganib na armas sa kasalukuyan.

- ___ 10. Unang sasakyang pangkalawakan na ipinadala ng Unyong Sobyet sa kasalukuyan.
- ___ 11. Kasunduang nagdedeklara sa Antartika na dapat maging malaya sa sandatang nukleyar.
- ___ 12. Sa kasunduang ito ay ipinagbabawal ang paglalagay ng sandatang nukleyar sa mga pusod ng dagat.
- ___ 13. Uri ng sandatang pinasabog sa Hiroshima at Nagasaki, Japan.
- ___ 14. Tawag sa hakbang ang pamahalaan upang isulong ang modernisasyon ng hukbong militar.
- ___ 15. Bansang itinuturing na pinakamalaking mamimili ng malalakas na armas.
- ___ 16. Pangunahing suplayer ng matataas na uri nang armas sa iba't ibang bansa sa daigdig.
- ___ 17. Tawag sa pagpigil sa mga bansang may sandatang nukleyar na gamitin ito.
- ___ 18. Tinatayang halaga ng isang submarino.
- ___ 19. Sektor ng lipunan na nakikinabang sa alitan ng mga bansa.
- ___ 20. Probisyon ng Saligang-Batas na nagsasaad ng paninindigan ng bansa tungkol sa sandatang nukleyar.



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGSUSULIT

- | | |
|-------|-------|
| 1. T | 11. J |
| 2. S | 12. I |
| 3. R | 13. H |
| 4. Q | 14. G |
| 5. P | 15. F |
| 6. O | 16. E |
| 7. N | 17. D |
| 8. M | 18. C |
| 9. L | 19. B |
| 10. K | 20. A |

PANGHULING PAGSUSULIT

- | | |
|-------|-------|
| 1. I | 11. O |
| 2. A | 12. P |
| 3. E | 13. K |
| 4. B | 14. L |
| 5. D | 15. M |
| 6. F | 16. N |
| 7. G | 17. Q |
| 8. C | 18. R |
| 9. H | 19. T |
| 10. J | 20. S |